
# Mateo 10:37–39



Kasama ang kapartner o kagrupo ninyo, sama-samang pag-aralan ang mga talatang ibinigay sa inyo at talakayin ang inyong mga isinagot sa mga tanong.

Basahin ang Mateo 10:37–38, na hinahanap ang mga sakripisyong sinabi ng Tagapagligtas na dapat nating handang gawin bilang Kanyang mga disipulo. Ang ibig sabihin ng mga katagang "karapatdapat sa akin" sa mga talatang ito ay maging karapat-dapat na kinatawan ng Panginoon at maging karapat-dapat sa Kanyang mga pagpapala.

- Sa palagay ninyo bakit kailangang mahalin si Jesucristo ng Kanyang mga disipulo nang higit sa iba—kabilang na ang sarili nilang pamilya?

Ang krus na binanggit sa talata 38 ay tumutukoy sa pisikal na krus na dinala ni Jesucristo at sa krus na ito Siya ay ipinako at iniangat upang magawa Niya ang kalooban ng Kanyang Ama. Sa matalinghagang salita, sinabi ni Jesucristo sa Kanyang mga alagad na kanila ring "pasanin ang [kanilang] krus at sumunod sa [Kanya]" (Mateo 16:24).

Basahin ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 16:26 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan), at hanapin kung ano ang ibig sabihin ng pasanin ang ating krus at sumunod kay Jesucristo.

Basahin ang Mateo 10:39, at hanapin kung anong mga alituntunin ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa sakripisyo. Nilinaw ng Joseph Smith Translation ang simula ng talatang ito sa ganitong mga kataga, "Siya na naghahangad na iligtas ang kanyang buhay . . ."). Sa kontekstong ito, ang mga katagang "iligtas ang kanyang buhay" ay nangangahulugang mamumuhay siya nang sarili lamang ang iniisip sa halip na hangaring paglingkuran ang Diyos at Kanyang mga anak.

- Sa palagay ninyo, sa anong mga paraan "mawawalan" ng kanilang buhay ang mga tao na ang sarili at gusto lang nila ang iniisip?

Batay sa nabasa ninyo, kumpletuhin ang sumusunod na alituntunin:

**Kung hangad nating iligtas ang ating buhay, kung gayon** _________________________ . . .


Markahan sa talata 39 ang pangako ng Tagapagligtas sa mga hinahayaang mawala ang kanilang buhay para sa Kanyang kapakanan. Ang mawalan ng ating buhay para sa Kanyang kapakanan ay higit pa sa kahandaang mamatay para sa Kanya. Ibig sabihin nito ay handa nating ibigay ang ating sarili upang mapaglingkuran Siya at ang mga taong nakapaligid sa atin.

- Ano sa palagay ninyo ang ang ibig sabihin ng masusumpungan natin ang ating buhay kapag hinayaan nating mawala ito para sa Kanyang kapakanan?

Batay sa nabasa ninyo, kumpletuhin ang sumusunod na alituntunin:

**Kung hahayaan nating mawala ang ating buhay para sa kapakanan ni Jesucristo, kung gayon** ________________________________________________________.

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson at pagkatapos ay talakayin ang inyong mga sagot sa mga sumusunod na tanong.



"Naniniwala ako na sinasabi sa atin ng Tagapagligtas na maliban na kalimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba ay kaunti lamang ang layunin ng ating buhay. Ang mga nabubuhay para sa sarili lamang nila ay nangunguluntoy at nawawalan ng buhay, samantalang ang mga lumilimot sa kanilang sarili sa paglilingkod sa iba ay umuunlad at nananagana—at tunay na naliligtas ang kanilang buhay" ("Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2009, 85.

- Sino ang kilala ninyo na piniling kalimutan ang sarili alang-alang kay Jesucristo? Ano ang epekto ng desisyong ito sa taong ito?

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2015 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN.